| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | IV |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | FILIPINO |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | MARCH 17-21, 2025 (WEEK 6) | Markahan at Linggo: | Ika-apat na Markahan |

| I.NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) at tekstong impormatibo (pagsusunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tulang pambata na nagsasaad ng proseso ng isang gawain sa lokal o rehiyonal na lipunan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nauunawaan ang tekstong impormatibo (proseso)**<br>a. Naisasaayos ang mga hakbang at proseso gamit ang balangkas at dayagram.<br>**Naibibigay ang lagom ng teksto.**<br>**Nasusuri ang layon ng teksto –maglahad (proseso).**<br>**Nagagamit ang mga bahagi ng pananalita sa pagpapahayag.**<br>a. Pandiwa –Aspekto (magaganap/kontemplatibo)<br>**Nakabubuo ng tekstong biswal (babala, anunsiyo, patalastas, atbp.) batay sa layon.** |
| **C. Nilalaman** | TEKSTONG IMPORMATIBO<br>Mga hakbang at proseso gamit ang balangkas at dayagram.<br>KAUGNAY NA PAKSA:<br>WIKA: Pandiwa – Aspekto (Magaganap / Kontemplatibo<br>TEKSTONG BISWAL:<br>teksto, memes, logo, icons, barcode, QR Code, cartooning, atbp |
| **D. Integrasyon** | Pagpapahalaga sa Edukasyon |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Darabegail. (2021, January 25). *TEKNOLIHIYA SA MGA KABATAAN Nakakabuti nga ba? - Darabegail - Medium*. Medium; Medium. http://tinyurl.com/yfu8e7sr

Gabay Pangkurikulum sa Filipino. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.

Official Gazette. (2013, May 15). Republic Act No. 10533 | GOVPH. Official Gazette of the Republic of the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/

*Pandiwa*. (2023, September 13). Wikipedia. https://tl.wikipedia.org/wiki/Pandiwa#:~:text=Ang%20pandiwa%20o%20bady%C3%A2%20ay

*Photosynthesi (Filipino) | PDF*. (n.d.). Scribd. Retrieved March 21, 2024, from https://www.scribd.com/document/480234532/Photosynthesi-Filipino-docx

*school clip art - Google Search*. (n.d.). Www.google.com. Retrieved March 21, 2024, from http://tinyurl.com/4sbnkfdk

Shin, S.-J., Lemon, O., & Mumma, J. (2019). Diagrams (E. N. Zalta, Ed.). Stanford Encyclopedia of Philosophy; Metaphysics Research Lab, Stanford University. https://plato.stanford.edu/archives/sum2019/entries/diagrams/

Team, S. E. (2023, June 9). *Ano ang Balangkas? Kahulugan at Halimbawa*. Sanaysay Philippines. https://www.sanaysay.ph/ano-ang-balangkas/


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral:**<br>**PISTA-ROLETA**<br><br><br>**Panuto:**<br>1. Paikutin ang roleta tungkol mga pista sa Pilipinas.<br>2. Ilarawan ang pista gamit ang pang-uri.<br>3. Ulitin ang pagpapaikot hanggang sa maubos ang pista sa Pilipinas na nakalagay sa roleta<br>Halimbawa: **Kulay itim** ang mga taong nagsasayaw sa Ati-Atihan.<br>**2. Pidbak (Opsiyonal)** | Maaaring gumamit ng aktuwal na roleta ang guro sa pag sasagawa ng gawain.<br>**Link sa website:** https://www.fortunewheel.com/4<br>Matapos isagawa ang gawain, bigyang pansin ang ibinigay na proseso/paraan sa pagsasagawa nito. |
| **B. Paglalahad ng** | **1.Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin** | Hayaan ang mag-aaral na |

<table>
<tr>
<td>Layunin</td>
<td>
HULARAWAN: Sagutin ang mga tanong patungkol sa nakikita sa larawan.<br>
<br>
Kinuha mula sa: http://tinyurl.com/5n8ju9s6<br>
Gabay na tanong:<br>
1. Ano-ano ang napapansin ninyo sa larawan?<br>
2. Ano-ano kaya ang ginawa niya bago pumasok ng paaralan?<br>
3. Katulad din ba kayo ng mag-aaral sa larawan?<br>
4. Ano-ano naman ang mga gawain na ginagawa ninyo bago pumasok?<br>
<br>
HAKBANG-ESKWELA:<br>
Gamit ang dayagram, isa-isahin ang gawain bago pumasok sa paaralan.<br>
Kinuha mula sa: http://tinyurl.com/yfu8e7sr<br>
<br>
<br>
Kinuha mula sa: http://tinyurl.com/4sbnkfdk<br>
P |   | O |   | E | S |  <br>
<br>
2.Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br>
<br>
WIKA-LINANGAN: Bago ipabasa sa mga mag-aaral ang kuwentong pinamagatang “Gusto ko sa Iskul”, kinakailangang punan ng mga mag-aaral ang mga nawawalang letra upang makabuo ng salita. Gumawa ng pangungusap gamit ang nabuong salita.
</td>
<td>
magbigay ng mga gawain bago pumasok sa paaralan. Maaaring gumamit ang guro ng sariling kuhang larawan ng kanilang paaralan upang mapakita ang situwasyon.<br>
<br>
Batay sa nakikitang larawan na pinunan ng mga gawain, ipabuo ang salitang PROSESO bilang panimula ng bagong talakayan<br>
<br>
Ang pagbuo ng pangungusap ay maaaring gawing pasulat o pasalita.<br>
<br>
Mga Tamang Sagot:<br>
1. Seryoso
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 1. **Taimtim** na nakikinig si Amara.<br>[S] [ ] [R] [Y] [ ] [ ] [O]<br>**Pangungusap:** ______________________________<br><br>2. **Umalingawngaw** ang tunog ng *school service* ni Amara.<br>[M] [ ] [ ] [A] [K] [ ] [S]<br>**Pangungusap:** ______________________________<br><br>3. **Nakakalanghap** ng sariwang hangin.<br>[A] [ ] [O] [Y]<br>**Pangungusap:** ______________________________<br><br>4. Sa sobrang kaligayahan muli niyang **nasambit** ang mga katagang "Gusto ko sa Iskul"<br>[N] [A] [ ] [A] [B] [ ]<br>**Pangungusap:** ______________________________<br><br>5.**Kumaripas** ng takbo si Amara papunta sa kaniyang *school service*.<br>[N] [ ] [G] [M] [ ] [D] [ ] [L] [I]<br>**Pangungusap:** ______________________________ | 2. malakas<br>3. amoy<br>4. nasabi<br>5. nagmadali |

<table>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>
IKALAWA AT IKATLONG ARAW<br><br>
Kaugnay na Paksa 1: Lagom ng Teksto<br><br>
1. Pagproseso ng Pag-unawa<br><br>
DAPAT ALAM MO: Alamin at pag-aralan ang sumusunod upang mas lalong maunawaan ang gawain at aralin.<br><br>
Ano ang Paglalagom?<br><br>
Ang paglalagom ay ang <u>pagsusulat</u> o <u>pagsasalaysay</u> muli sa isang akda o narinig na maikling paraan na ginagamitan ng sariling pananalita. Ito ay maikli ngunit malaman at nagpapahayag ng pinakadiwa nito. Ito ay hindi nagtataglay ng pansariling opinyon.<br><br>
Mga Hakbang sa paglalagom:<br><br>
1. Pakinggan o basahin nang mabuti ang akda. Kunin ang pinakadiwa ng napakinggan o nabasa.<br>
2. Habang nakikinig o nagbabasa ay itala ang mahahalagang bahagi at suriin ito.
</td>
<td>Sa bahaging ito, malaya ang guro sa kung anong pamamaraan ang gagamitin sa pagtalakay sa loob ng klase.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Isulat ang natirang puntos sa sariling pangungusap. Huwag magsasama ng pansariling opinyon.<br>4. Palitan ang bahagi o pananalitang maaaring magpahaba o magpawalang linaw sa lagom.<br>5. Tingnan kung ayon sa orhinal ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya.<br>6. Basahing muli upang lalo pang maiklian.<br><br>**Ano ang Balangkas?**<br>Ang **balangkas** ay isang sistema ng pag-organisa ng mga ideya at impormasyon na magbibigay-daan sa atin na magkaroon ng malinaw at maayos na estruktura sa ating teksto. Sa pamamagitan ng isang balangkas, maaari nating maipakita nang mas epektibo ang mga argumento natin at maihatid natin ng maayos ang ating mensahe.<br><br>**Ano ang Dayagram?**<br>Ang **dayagram** ay isang biswal na representasyon ng impormasyon o konsepto na kadalasang ginagamit upang magbigay linaw, magpakita ng ugnayan, o magbigay ng estruktura sa isang ideya o proseso. Ito ay binubuo ng mga elemento tulad ng mga hugis, linya, at mga teksto na nagpapakita ng kaugnayan at organisasyon ng impormasyon.<br>**KUWENTO-BASA:** Pagbasa ng kuwento bilang panimula na pinamagatang “Gusto ko sa Iskul”<br><br>**“Gusto ko sa Iskul”**<br>Ni: Deseree B. Geronimo<br><br>**Tagapagdaloy:** Sumapit na ang araw na pinakahihintay ni Amara, ang pagbabalik sa paaralan.<br>**Amara**:*Excited* na akong pumasok sa iskul!, makikita ko na ulit ang aking mga kaibigan.<br>**Tagapagdaloy**: Gumising siya ng maaga upang maghanda ng kaniyang sarili, isa-isa na niyang ginawa ang dapat niyang tapusin bago pumasok sa paaralan. Una, si Amara ay nag-ayos ng kaniyang higaan, ikalawa, kumain siya ng almusal. Pagkatapos, siya ay nag*tootbrush at* dali-daling naligo at sa huli ay nagbihis ng kaniyang uniporme.<br>Beep! Beep! Beep! umalingawngaw ang tunog ng *school service* ni Amara.<br>**Nanay:** Bilisan mo anak, dumating na ang *school service* mo, baka mahuli ka pa sa klase, unang araw pa naman ngayon.<br>**Tagapagdaloy:** Kumaripas ng takbo si Amara papunta sa kaniyang *school service.* Pagkatapos ng ilang minuto, siya ay nakarating sa kaniyang paaralan. Namangha siya sa | Sa pagbabasa ng teksto/kuwento maaring tumawag ang guro ng mag-aaral na kakatawan sa bawat tauhan. Bigyang pansin ang tamang diksyon, emosyon, at pag sasalita ng bawat tauhan. |

kaniyang mga nakita, bagong pintura ang kanilang paaralan, may bago ring mga klasrum , at namumukadkad ang mga bulaklak sa hardin.

**Amara:** Ang saya naman! ang laki talaga ng naitutulong ng *Brigada Eskwela*, mas lalong gumaganda ang paaralan kaya nga "Gusto ko sa Iskul".

**Tagapagdaloy:** Nagsimula na ang klase ni Amara. Sa loob ng silid-aralan, unang itinuro ng kaniyang guro ang tungkol sa *Photosynthesis.* Taimtim na nakikinig si Amara at ang kaniyang mga kaklase habang nagpapaliwanag ng aralin ang guro. Sumunod ay pinag-aralan din nila ang ipinakitang mga larawan ng guro. Sa huli nanood sila ng *video* upang mas lalong maunawan ng klase ang paksa., Dahil dito mas lalong namangha si Amara.

Natapos na ang klase ni Amara at umuwi sa kanilang bahay. Naikuwento niya sa kaniyang nanay ang nangyari sa kaniyang araw sa paaralan.

**Amara:** Ang dami kong natutunan ngayong araw na ito, nalaman ko ang proseso ng *photosynthesis,* kaya pala tayo nakalalanghap ng sariwang hangin at nagkakaroon ng pagkain dahil sa prosesong ito.

**Nanay**: Magaling anak, nauwaan mong mabuti ang aralin ninyo ngayong araw.

**Amara:** Opo nanay, masayang masaya po ang unang araw ko. Isa po ito sa dahilan kung bakit talagang 'Gusto ko sa Iskul.'

Gabay na tanong:

1. Tungkol saan ang tekstong nabasa?
2. Bakit nasasabik si Amara na pumasok sa paaralan?
3. Ano-ano ang napansin niya sa kanilang paaralan?
4. Bakit naging masaya ang unang araw niya sa paaralan?
5. Isulat sa pamamagitan ng isang balangkas ang proseso o pagkakasunod sunod ng mga ginawa ni Amara bago pumasok sa paaralan.

A. "Gusto Ko sa Iskul"

I. Mga ginagawa ni Amara bago pumasok sa paaralan


a. ________________________________________
b. ________________________________________
c. ________________________________________
d. ________________________________________

II. Mga ginagawa ni Amara sa loob ng paaralan

a. ________________________________________
b. ________________________________________
c. ________________________________________

B. Gamit ang dayagram, isulat ang mahahalagang pangyayari sa kuwento sa tamang pagkakasunod-sunod.

Gamit ang balangkas gawan ng




**Kaugnay na Paksa 2: Tekstong Impormatibo (Proseso)**

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**

**Tekstong Impormatibo (Proseso)**

Ang tekstong impormatibo na may temang proseso ay isang uri ng teksto na naglalarawan o nagpapaliwanag ng mga hakbang ng isang tiyak na proseso. Layunin nito na magbigay ng impormasyon at maipaliwanag nang maayos ang mga hakbang na kailangang sundan sa paggawa ng isang bagay o pagbuo ng isang konsepto.

Ang tekstong ito ay karaniwang ginagamit sa mga akademikong sulatin, mga manwal ng paggamit ng produkto, at iba pang teksto na may layuning magturo o magbigay ng kalinawan sa mga mambabasa.

**IMPO-BASA:** Pagbasa ng isang Impormatibong Teksto ng Proseso. Balikan ang maikling kuwentong nabasa/napakinggan at bigyang pansin ang nabanggit na proseso sa kuwento.

**Kamangha-manghang Proseso ng *Photosynthesis***

Ang *photosynthesis* ay isa sa pinakamahalagang proseso sa kalikasan na ginagampanan ng mga halaman sa pamamagitan nito, ang mga halaman ay nakakagawa ng kanilang sariling pagkain at naglalabas ng *oxygen,* na mahalaga para sa buhay ng iba't ibang mga organismo sa mundo. Narito ang pangunahing mga hakbang sa *photosynthesis:*

1. **Pagkuha ng Liwanag**: Ang mga halaman ay gumagamit ng *pigmented* na molekula na tinatawag na *chlorophyll* upang masaliksik ang liwanag ng araw. Ang *chlorophyll* ay nasa mga kloroplasma, at ito ang nagbibigay sa mga halaman ng kanilang berdeng kulay.

lagom ang kwentong nabasa. Maaring gumamit ng ibang *graphic organizer* ang guro upang mas lalong maintindihan ng mag-aaral ang talakayan

Ipahanap sa teksto ang proseso na nabanggit at pag tuunan ng pansin upang mailahad ang susunod na kasanayan sa pagkatuto.

**Ikalawang Araw**

Maaring gumamit ng ibang dayagram ang guro.

2. **Pagkuha ng Tubig**: Ang mga halaman ay kumukuha ng tubig mula sa kanilang mga ugat. Ang tubig na ito ay pagmamay-ari ng mga *hydrogen atoms*, na magiging mapagkukunan ng mga elektron para sa mga reaksiyon sa *photosynthesis.*
3. **Pag-absorb ng *Carbon Dioxide***: Ang mga halaman ay kumukuha ng *carbon dioxide* mula sa paligid sa pamamagitan ng mga mikroskopikong *pores* na tinatawag na *stomata*. Ang *CO2* ay kinakailangan para sa pagbuo ng mga *organic compound* sa proseso ng *photosynthesis.*
4. **Pagpapalabas ng *Oxygen***: Ang mga halaman ay naglalabas ng *oxygen* sa paligid bilang isang gas. Ito ang gas na kinakailangan ng maraming mga organismo, kabilang ang tao, para sa kanilang paghinga.


**Gabay na tanong:**

1. Ano ang pamagat ng tekstong nabasa/ napakinggan?
2. Batay sa nabasa/ napakinggan ano ang *Photosynthesis*?
3. Paano nagaganap ang *Photosynthesis?*

**GUHIT-BASA:**

**2. Pinatnubayang Pagsasanay:**

Gamit ang dayagram, ipakita ang proseso ng *Photosynthesis.*




Kinuha mula sa: https://sites.google.com/deped.gov.ph/sdovalenzuelalrportal/learning-resources

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**GA-GRADWEYT AKO:** Ang edukasyon ang isa sa pinakamahalagang bagay sa isang mag-aaral. Gamit ang dayagram sa ibaba, ibigay ang mga proseso o dapat gawin upang makapagtapos ng pag-aaral.

Maaaring palakihin ng guro ang template ng dayagram na nasa kaliwa. Ipasulat sa mga mag- aaral ang mga dapat gawin upang makapagtapos ng pag aaral.


Maari ring isa-isa silang mag didikit ng kanilang dapat gawin.

Ang gawain na ito ay maari din gawin gamit ang *ballpen* at papel. Gagawa isa-isa ang mag-aaral.

Matapos ang gawain. Itanong sa mag aaral kung paano pahahlagahan ang edukasyon.

Ang sagot ay maaring magkakaiba, ito ay nakabatay sa pagkakaunawa ng mag-aaral.

Maaaring balikan ng guro ang




Kinuha mula sa: [http://tinyurl.com/fc3pun32](http://tinyurl.com/fc3pun32)

**Kaugnay na Paksa 3: Nagagamit ang mga bahagi ng pananalita sa pagpapahayag.** *a. Pandiwa –Aspekto (magaganap/ kontemplatibo)*

Balikan ang maikling kuwentong "Gusto ko Sa Iskul". Bigyang pansin ang mga piling pangungusap mula sa teksto.

1. *Excited* na akong <u>pumasok</u> sa iskul, <u>makikita</u> ko na ulit ang aking mga kaibigan.
2. Gumising siya ng maaga upang <u>maghanda</u> ng kaniyang sarili
3. <u>Bilisan</u> mo anak, dumating na ang *school service* mo, baka <u>mahuli</u> ka pa sa klase, unang araw pa naman ngayon.

Ano ang napansin mo sa salitang ma salungguhit? Ano ang isinasaad nito?

____________________________________________________________________________________________________________________________________________________

**1.Pagproseso ng Pag-unawa**

May iba'tibang bahagi ng pananalita na ginagamit sa pagpapahayag. Isa na rito ang Pandiwa.

Ang Pandiwa o salitang kilos ay bahagi ng pananalita na nagsasaad ng kilos o galaw, isang pangyayari o katayuan. Ito ay may iba't ibang aspekto. Ang perpektibo, imperpektibo at kontemplatibo.

Kontemplatibo ang tawag sa kilos o galaw, pangyayari na pang hinaharap o magaganap pa lang.

Tandaan:

maikling kuwentong tinalakay. Bigyang pansin ang mga piling pangungusap mula sa teksto.

Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga pangungusap.

Maaaring isulat sa pisara ang mga salitang may salungguhit (mga pandiwa).

Sa bahaging ito ng aralin, tatalakayin ng guro ang tungkol sa pandiwa at mga aspekto nito. Maaaring magbalik-aral sa nakaraang paksa tungkol sa aspektong Perpektibo at imperpektibo.

Sa pagkakataong ito, bibigyang pokus ng guto ang pagtalakay sa aspektong Kontemplatibo

✔ Kapag ang pawatas ay may panlaping *um*, alisin ang *um* at uulitin ang unang pantig o unang dalawang titik ng salitang-ugat.

| **Salitang-ugat** | **+ Panlapi** | **=Pawatas** | **=Magaganap** |
|---|---|---|---|
| asa | um | umasa | aasa |
| lakad | um | lumakad | lalakad |

✔ Kapag ang pawatas ay may panlaping *ma*, *mag* o *mang*, mananatili ang *ma*, *mag* o *mang* at uulitin ang unang pantig o unang dalawang titik ng salitang-ugat.

| **Salitang-ugat** | **+Panlapi** | **=Pawatas** | **=Magaganap** |
|---|---|---|---|
| tanaw | ma | matanaw | matatanaw |
| suot | mag | magsuot | magsusuot |


✔ Kapag ang pawatas ay may panlaping *in* o *hin*, mananatili ang panlaping *in* o *hin* at uulitin ang unang pantig o unang dalawang titik ng salitang-ugat.

| **Salitang-ugat** | **+Panlapi** | **=Pawatas** | **=Magaganap** |
|---|---|---|---|
| yakap | in | yakapin | yayakapin |
| suklay | in | suklayin | susuklayin |

**FUN-DIWA:**

**2. Pinatnubayang Pagsasanay:**

Pitasin mula sa puno ang mga bunga ng angkop na pandiwang kontemplatibo upang mabuo ang diwa ng pangungusap.




Sa bahaging ito ng gawain, maaaring gumawa ang guro ng isang larawan ng malaking puno. May mga bungang nadikit na maaaring pitasin ng mga mag-aaral bilang isang kasiya-siyang gawain.

**Mga Tamang sagot:**

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Sa tulong ng *photosynthesis*, ________________ang halaman ng sarili niyang pagkain.<br>2-3. Mahalaga ang *carbon dioxide* sa mga halaman upang ____________________sa ______________ng *organic compound* sa proseso ng *photosynthesis.*<br>4. Ang tubig na ito ay pagmamay-ari ng mga *hydrogen atoms*, na magiging _______________ng mga elektron para sa mga reaksiyon sa *photosynthesis.*<br>5. Ang mga mag-aaral ay kailangang __________________din ng halaman bilang pagpapakita ng pagmamahal sa kalikasan. | 1. makagagawa<br>2-3. makatulong, pagbuo<br>4. mapagkukunan<br>5. magtanim |
| | **HANAPandiwa:**<br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay:** Pag-aralan ang nilalaman ng brochure tungkol sa Balik Eskwela 2024**.** Itala ang mga pandiwang kontemplatibo na ginamit sa pagpapahayag ng impormasyon.<br> | Sa bahaging ito, maaaring ipasagot ng guro sa mag-aaral ang gawain during Performance Task time, kung nais namang ipasagot sa oras ng aralin, maaarin namang magpaskil ang guro ng mas malaking larawan upang lubos na makita at mabasa ang nilalamang impormasyon ng brochure. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**Kaugnay na Paksa 4:** Nakabubuo ng tekstong biswal (babala, anunsiyo, patalastas, atbp.) batay sa layon.

**SURI-RAWAN:** Balikan at suriing muli ang larawan ng Brochure sa nakaraang aralin.

**ANUNSIYO**




**Itanong:**

a. Ano ang nilalaman ng brochure o polyeto?
b. Tungkol saan ang impormasyong mababasa rito?
c. Mahalaga ba ang mga impormasyong nakalagay dito? Bakit?

</td>
<td>

**Mga Tamang Sagot:**
makipag-ugnayan
magpalista
tuklasin
pumunta
magdala
sagutan
ibigay
hintayin
hanapin
bisitahin

</td>
</tr>
</table>

**2.Pagproseso ng Pag-unawa**

**Ilang Halimbawa ng Tekstong Biswal**

1. **Babala**- ito ay ginagamit upang magsilbing paalala o pagbibigay impormasyon upang maiparating sa lahat at makaiwas sa sakuna o aksidente. Kadalasan, ito ay inilalagay sa mga lugar na madaling makita o mapansin.




Kinuha mula sa: https://in.pinterest.com/pin/831547518724132538/

2. **Anunsiyo**- ito ay maikling pahayag na nagbibigay ng impormasyon ukol sa isang bagay, maaari itong nanghihikayat, nagbibigay ng panuto o babala.




Kinuha mula sa:
https://www.officialgazette.gov.ph/images/uploads/RAINFALL-tagalog.jpg

3. **Patalastas** – ito ay anumang mensahe na nagbibigay, nagpapabatid, o nagpapaalam ng impormasyon, nagtataguyod ng isang tiyak na produkto, serbisyo o kaganapan. Makikita ang mga ito sa telebisyon, *social media*, radyo, pahayagan, magasin, o *billboards*. Maaaring ito ay nakasulat o nakalimbag sa isang diyaryo, magasin, polyeto at iba pa. Ito ay maaari ding berbal kung saan ginagamit ang boses upang ihayag ang produkto o serbisyo. Madalas ito sa telebisyon, *online selling*, at *socmed*. Layunin nito na hikayatin ang mga nanonood o mga nagbabasa na bilhin ang produkto o serbisyo o kaganapan.




Kinuha mula sa: https://www.canva.com/design/DAF-UKa4quE/1k9wX7FMM6SP8JOWfOmjKA/edit

(Talakayin sa mga mag-aaral ang nilalaman ng brochure/polyeto at ang iba pang halimbawa ng tesktong biswal). Maaaring magpakita ng iba pang larawan o magpanood ng *video* ng mga halimbawa nito.


| | | |
|---|---|---|
| | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**TALAS-LAPAT**<br>Bumuo ng isang anunsiyo o patalastas tungkol sa pagdiriwang ng Pista sa inyong lugar. Gawin ito sa isang *short bondpaper* | (Tingnan ang sagutang papel para sa rubriks na gagawin para sa aktibidad na ito.) |


| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **Pabaong Pagkatuto**<br><br>**LAKAS-ISIP:** A. Isulat sa pamamagitan ng paggamit ng balangkas ang mga prosesong nagaganap sa *Photosynthesis.*<br><br>Pamagat: ________________________________<br><br>I. Pagkuha ng Liwanag<br>a. ________________________________<br><br>II. Pagkuha ng Tubig<br>a. ________________________________<br><br>III. Pag-absorb ng Carbon Dioxide<br>a. ________________________________<br><br>IV.Pagpapalabas ng Oxygen<br>a.________________________________<br><br>**PROSESULAT:**<br>B. Basahing muli ang tekstong impormatibo. Bumuo ng buod na binubuo ng lima hanggang sampung pangungusap. Isulat ito sa malinis na papel.<br><br>**Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>**Hasa na ba Ako?**<br>Gumuhit ng isa hanggang tatlong bituin (1-3 star) ayon sa antas ng iyong natutuhan mula sa mga aralin. | |

| Kasanayan | Bilang ng Bituin (star) |
|---|---|
| **Nauunawaan ang tekstong impormatibo (proseso)**<br>*a. Naisasaayos ang mga hakbang at proseso gamit ang balangkas at dayagram.* | |
| **Naibibigay ang lagom ng teksto.** | |
| **Nasusuri ang layon ng teksto –maglahad (proseso).** | |
| **Nagagamit ang mga bahagi ng pananalita sa pagpapahayag.**<br>*a. Pandiwa –Aspekto(magaganap/ kontemplatibo)* | |
| **Nakabubuo ng tekstong biswal (babala, anunsiyo, patalastas, atbp.) batay sa layon.** | |

| Rubriks ng Gawain | | |
|---|---|---|
| **Napakahusay** | **Mahusay** | **Kailangan ng Paggabay** |
| ★ ★ ★ | ★ ★ | ★ |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA SA GURO |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit**<br>**A.** Panoorin ang *video* na pinamagatang "Bakit Umuulan?".<br>https://www.youtube.com/watch?v=fwtC5XZcMqY<br><br><br>Gamit ang dayagram sa ibaba, ipakita ang proseso bakit umuulan.<br><br><br>Kinuha mula sa: http://tinyurl.com/2s4mckcc | I-*download ang video* na nasa link. Kung wala namang internet na magagamit, maaring gumawa ng tekstong impormatibo ang guro na nag sasaad kung bakit umuulan. Ang pagsusulit patungkol sa proseso ay hindi lamang limitado sa *topic* na ito, maaring gumamit ang guro ng proseso patungkol sa pagluluto at iba pa.<br><br>Maaaring gawing isahan o pangkatan ang gawaing ito.<br>Sa bahaging ito ng pagtataya, maaaring bigyan ng sipi o kopya ang mga mag-aaral para sa indibidwal na pagsasagot upang lubos na maunawaan ang nilalaman ng gawain. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">**B.** Piliin at bilugan ang angkop na pandiwang bubuo sa diwa ng pahayag sa teksto.<br><br>**Bakasyon, Pagkatapos ng Klase!**<br><br>Malayo pa lang ay inaasam-asam ko na ang darating na bakasyon. Ito kasi ang panahon na nakapagpapahinga tayo sa mga gawain sa paaralan. Sabi ni nanay, ***(uuwi, umuwi)*** raw kami sa probinsiya ng Quezon upang makapagbakasyon doon. Naisip ko, ano-ano kaya ang maaari kung gawin kapag nadoon na kami. Inilista ko na ang mga plano ko upang pagdating doon ay alam ko na ang aking mga gagawin.<br>Una, ***(naligo, maliligo)*** kami ng mga pinsan ko sa ilog. May malaking ilog kasi na malapit sa bahay ng aking lolo at lola. Ikalawa, ***(namitas, mamimitas)*** din ako ng mga bunga ng mangga at santol sa katabing puno ng bahay namin doon. Kasunod noon, ***(nagluto, magpapaluto)*** ako kay lola ng masarap na ginataang bilo-bilo para makatikim akong muli ng mga luto niya. At sa huli, ***(naglaro, maglalaro)*** kami ng mga pinsan ko pagkatapos naming maligo sa ilog.<br>**C**. Isulat sa loob ng dayagram ang mga hakbang ng pagkakasunod-sunod ng mga planong gawain ng nagsasalaysay sa kuwento.<br><br>Pamagat:____________________________________<br><br><br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>Gumawa ng isang babala tungkol sa paliligo sa ilog batay sa tekstong binasa sa Gawain B.</td>
<td>**Mga Tamang Sagot:**<br>maliligo<br>mamimitas<br>magpapaluto<br>maglalaro<br><br>Pamagat: Bakasyon, Pagkatapos ng Klase<br>Una, ***(naligo, maliligo)*** kami ng mga pinsan ko sa ilog. May malaking ilog kasi na malapit sa bahay ng aking lolo at lola.<br>Ikalawa, ***(namitas, mamimitas)*** din ako ng mga bunga ng mangga at santol sa katabing puno ng bahay namin doon.<br>Kasunod noon, ***(nagluto, magpapaluto)*** ako kay lola ng masarap na ginataang bilo-bilo para makatikim akong muli ng mga luto niya.<br>At sa huli, ***(naglaro, maglalaro)*** kami ng mga pinsan ko pagkatapos naming maligo sa ilog.</td>
</tr>
<tr>
<td>**B. Pagbuo ng Anotasyon**</td>
<td>**Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa**</td>
<td>**Epektibong Pamamaraan**</td>
<td>**Problemang Naranasan at Iba pang Usapin**</td>
<td>Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **alinmang sumusunod na bahagi.** | | | obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | **Estratehiya** | | | |
| | **Kagamitan** | | | |
| | **Pakikilahok ng mga Mag-aaral** | | | |
| | **At iba pa** | | | |
| **C. Pagninilay** | ***Gabay sa Pagninilay:***<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |